**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# WIKANG TANGLAW NG PAGKAKAISA

**ni: MELODY E. LABADAN**

Sa himig ng bawat salitang mahal,
Sumisibol pag-ibig na walang kapantay.
Ito'y ilaw sa landas ng bayan,
Tulay ng puso, gabay ng isipan.

Wikang minana, yaman ng ninuno,
Sa bawat titik ay dangal at ginto.
Nagbubuklod sa iba't ibang kulay,
Isang bandila, iisang tagumpay.

Sa baryo man o sa lungsod masigla,
Wika ang tali ng puso at diwa.
Tulad ng ilog na walang patid,
Dumadaloy sa buhay, walang kapalit.

Bawat kataga'y pintig ng bayan,
Awit ng pag-asa't kabutihan.
Tinig ng masa, sigaw ng layunin,
Himig ng pagkakaisang walang hangganin.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Sa pagtutulungan ng bawat nilalang,

Wika ang sandata, tibay ng bayan.

Tulad ng kamay na sabay nag-aangat,

Bawat tinig ay dangal na kumakaway.

Kahit pa tayo'y magkakaiba,

Wika ang puso ng ating pagkakaunawa.

Ito ang sinulid na sa atin nagdurugtong,

Sa gitna ng unos, sa pag-asa'y sumuong.

Sa paaralan, tahanan, at lansangan,

Wika'y pagyamanin, huwag pabayaan.

Ito ang susi sa ating kinabukasan,

Duyan ng dangal, sagisag ng bayan.

Halina't itanghal nang may galak,

Ang wikang mahal, huwag isasantabi.

Sa bawat salitang ating binibigkas,

May pag-ibig, dangal, at bayang malaya.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza